# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 9
## Ikatlong Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikatlong Markahan Baitang 9
# Supplemental Lesson Plan

**Parabula**
**"Kagandahan"**

mula sa Ang Propeta ni Khalil Gibran (Lebanon) na bersiyon ni Louie Jon A. Sanchez

**A. Panimula**

Ipaliwanag ang kasabihan:

1. Kadalasan, ang karikta'y
ginagawang isang bitag
upang siyang ipanghuli
noong ibig ipahamak.

2. Mabuti't masamang ginto
sa urian natatanto.

Ano ang ibig sabihin ng mga pahayag o salawikain sa itaas? Paano mo ito maiuugnay sa iyong sariling karanasan?

Magkakaroon ng maikling pagbabahaginan ang mga mag-aaral tungkol sa pagpapakahulugan nila sa salitang "Kagandahan."

**B. Katawan**

**1. Presentasyon**

Ipabasa ang pabulang "Kagandahan" mula sa Ang Propeta ni Khalil Gibran (Lebanon) na bersiyon ni Louie Jon A. Sanchez.

Ipasuri sa klase ang ang ibinigay na pagpapakahulugan ng may-akda sa salitang "Kagandahan."

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampantiikan ng Kanlurang Asya

**Pamantayang Pagganap:**

Masining na nakapagtatanghal ng kulturang Asyano batay sa napiling mga akdang pampanitikang Asyano

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nahihinuha ang mga katangian ng parabula batay sa napakinggang diskusyon sa klase
2. Napatutunayang ang mga pangyayari sa binasang parabula ay maaaring maganap sa tunay na buhay sa kasalukuyan
3. Nabibigyang-kahulugan ang mga imahe at simbolo sa binasang kuwento
4. Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag sa parabula
5. Naisusulat ang sariling parabula tungkol sa isang pagpapahalagang kultural sa Kanlurang Asya

**2. Pagpapayaman**

**Talasalitaan**


Ibigay ang literal, simboliko, at ispirituwal na kahulugan ng sumusunod na mga matalinghagang salita/pahayag na ginamit sa parabulang binasa.

| Salita/Pahayag | Literal na Kahulugan | Simbolikong Kahulugan | Ispirituwal na Kahulugan |
|---|---|---|---|
| kagandahan | | | |
| ina | | | |
| leon | | | |
| bukang liwayway | | | |

**3. Pagtalakay**

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng paksa na ibabahagi nila sa klase.

**Pangkat 1:** Suriin ang binasang parabula ayon sa mensahe nito. Gawing gabay ang tsart sa ibaba.




**Pangkat 2:** Tukuyin ang iba pang matalinghagang salita na ginamit sa parabula at ibigay ang nais ipakahulugan ng mga ito.

| Salitang Binanggit sa Parabula | Nais Ipakahulugan Nito |
|---|---|
| | |

6. Naisasadula ang nabuong orihinal na parabula
7. Nagagamit nang wasto sa pangungusap ang matatalinghagang pahayag
8. Nakapananaliksik tungkol sa mga pagpapahalagang kultural sa Kanlurang Asya



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Pangkat 3:** Pumili ng mga bahagi mula sa parabula at ihambing ito sa kalagayan ng tao sa kasalukuyan upang matiyak kung tunay na nagaganap ito sa tunay na buhay.

| Bahagi mula sa Parabula | Pag-uugnay sa Tunay na Buhay |
|---|---|
| | |

**Pangkat 4:** Pumili ng isang magandang bahagi sa binasang pabula na nagpapakita ng mahalagang mensahe nito. Isadula ito sa klase.

**Pangkat 5:** Gumuhit ng isang larawan o simbolo na nagpapakita ng mahalagang kaisipan na nakapaloob sa parabula.

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Ano ang nakapaloob na mensahe sa binasang parabula?
2. Paano mo mailalarawan ang nagsasalaysay ng parabula?
3. Ano-ano ang suliraning ibinigay ng tagapagsalaysay tungkol sa pagkilala sa kagandahan?
4. Paano ipinaliwanag ng tagapagsalaysay ang kagandahan sa parabula?
5. Paano nasasalamin sa binasang parabola ang kultura ng bansang pinagmulan nito? Magbigay ng patunay.
6. Sa iyong palagay, ang mahalagang bagay na tinalakay sa parabulang nabasa ay angkop pa rin ba sa kasalukuyang panahon? Pangatuwiranan ang iyong sagot.

4. **Pagpapalawig**

Magpasaliksik sa mga mag-aaral ng parabula mula sa iba pang bansa na kabilang sa Kanlurang Asya. Ipatukoy ang sumusunod:

| | |
|---|---|
| Pamagat | |
| May-akda | |
| Paksa | |
| Mensaheng Nakapaloob | |
| Buod ng Parabula | |
| Pagkakaiba o Pagkakatulad Nito sa Nabasang Parabula | |

5. **Sintesis**

Ipagawa sa mag-aaral ang sumusunod:

Punan ang pahayag ng angkop na salita upang mabuo ang diwa ng talata.

Natutuhan ko na ______________________________________________.

Isang tanong ang nais kong masagot ay ____________________________.

Ibig ko pang maunawaan ang ___________________________________.

C. **Kongklusyon**

Papiliin ang mag-aaral ng isang natatanging pag-uugali ng tao na kahanga-hanga at magpasulat sa kanila ng isang parabula ukol dito. Lalagyan ng tsek ang puntos na angkop sa kanilang gustong ibigay na marka — 5 ang pinakamataas at 1 ang pinakamababa.

**PAMANTAYAN SA PAGSULAT NG PARABULA**

| **Pamantayan** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| Nakapanghihikayat ang pamagat | | | | | |
| Maayos ang daloy ng pagsasalaysay | | | | | |
| Malinaw na nailalahad ang mensaheng ibig iparating sa mambabasa | | | | | |
| Nakagagamit ng matatalinghagang pahayag sa pagsasalaysay | | | | | |
| May kaisahan ang mga ideyang nabuo | | | | | |
| Naisasaalang-alang ang wastong gamit ng bantas | | | | | |
| May angkop at wastong gamit ng mga salita | | | | | |
| | | | | **Kabuuan =** | |


Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikatlong Markahan Baitang 9
# Supplemental Lesson Plan

**Elehiya sa Kamatayan ni Kuya**
*(Bhutan)*
Isinalin sa Filipino ni Pat V. Villafuerte

**A. Panimula**

Ipalarawan sa mag-aaral ang miyembro ng pamilya na kanilang minamahal at pinahahalagahan. Ipasulat ang pangalan nito sa loob ng kahon.

*Think-Pair-Share:* Pumili ng kapareha at magbahaginan tungkol sa miyembro ng pamilya na pinahahalagahan mo. Pagkatapos, tumawag ng ilang mag-aaral na maaaring magbahagi sa klase.

Sino ang miyembro ng pamilya na pinahahalagahan mo? Bakit? Ano ang katangian niya na natatangi at iniidolo mo?

**B. Katawan**

**1. Presentasyon**

Ipabasa ang tulang "Elehiya sa Kamatayan ni Kuya" na isinalin ni Pat V. Villafuerte.

**Elehiya sa Kamatayan ni Kuya**
(Bhutan)
*Isinalin sa Filipino ni Pat V. Villafuerte*

Hindi napapanahon!
Sa edad na dalawampu't isa, isinugo ang buhay

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Kanlurang Asya

**Pamantayang Pagganap:**

Masining na nakapagtatanghal ng kulturang Asyano batay sa napiling mga akdang pampanitikang Asyano

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naipahahayag ang sariling damdamin kapag ang sarili ay nakita sa katauhan o katayuan ng may-akda
2. Nasusuri ang mga elemento ng elehiya batay sa tema, mga tauhan, at tagpuan
3. Nabibigyang-kahulugan ang mga salitang may natatagong kahulugan
4. Nalalapatan ng himig sa isinulat na elehiyang orihinal
5. Nakasusulat ng sariling elehiya para sa isang mahal sa buhay

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

Ang kaniyang malungkot na paglalakbay na hindi na matanaw
Una sa dami ng aking kilala taglay ang di-mabigkas na pangarap
Di maipakitang pagmamahal
At kahit pagkaraan ng maraming pagsubok
Sa gitna ng nagaganap na usok sa umaga
Maniwala't dili panghihina at pagbagsak!
Ano ang naiwan!
Mga naikuwadrong larawang guhit, poster, at larawan,
Aklat, talaarawan, at iba pa.
Wala nang dapat ipagbunyi
Ang masaklap na pangyayari, nagwakas na
Sa pamamagitan ng luha naglandas ang hangganan, gaya ng paggunita
Ang maamong mukha, ang matamis na tinig, ang halakhak
At ang ligayang di-malilimutan.
Walang katapusang pagdarasal
Kasama ng lungkot, luha, at pighati
Bilang paggalang sa kaniyang kinahinatnan
Mula sa maraming taon ng paghihirap
Sa pag-aaral at paghahanap ng magpapaaral
Mga mata'y nawalan ng luha, ang lakas ay nawala
O' ano ang naganap,
Ang buhay ay saglit na nawala
Pema, ang immortal na pangalan
Mula sa nilisang tahanan
Walang imahe, walang anino, at walang katawan
Ang lahat ay nagluksa, ang burol ay bumaba, ang bukid ay nadaanan ng unos Malungkot na lumisan ang tag-araw
Kasama ang pagmamahal na inialay
Ang isang anak ng aking ina ay hindi na makikita
Ang masayang panahon ng pangarap.

Ipalahad sa klase kung ano ang nakapaloob na damdamin at mensahe ng binasang tula.

Itanong: Naranasan mo na bang mawalan ng mahal sa buhay? Paano mo ito hinarap?

6. Nagagamit ang mga angkop na pang-uri na nagpapasidhi ng damdamin


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**2. Pagpapayaman**

**Talasalitaan**

Ibigay ang kahulugan ng mga pahayag na mula sa binasang tula. (Maaari pang magdagdag ng salita/pahayag na matatagpuan sa tula na matalinghagang kahulugan.)

| Salita/Pahayag | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| Mga mata'y nawalan ng luha | |
| Malungkot na lumisan ang araw | |
| Sa gitna ng nagaganap na usok sa umaga | |

**3. Pagtalakay**

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng paksa na ibabahagi nila sa klase.

**Pangkat 1:** Suriin ang binasang tula batay sa sumusunod:

| | |
|---|---|
| Tema | |
| Paksa | |
| Tono | |
| Damdamin | |
| Imaheng Nakapaloob | |
| Uri ng Tula | |

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

**Pangkat 2:** Pumili ng mga linya mula sa tula at suriin ang damdaming nais ipahiwatig nito.

| Mga Linya Mula sa Tula | Damdaming Nais Ipahiwatig |
|---|---|
| | |

**Pangkat 3:** Pumili ng isang magandang bahagi sa binasang tula na nagpapakita ng mahalagang mensahe nito. Isadula ito sa klase.

**Pangkat 4:** Iguhit ang imaheng nakapaloob sa binasang tula.

| |
|---|
| |

**Pangkat 5:** Ilahad ang pagkakaiba ng elehiya sa iba pang akdang patula.

| | Elehiya | Iba Pang Akdang Patula (________________) |
|---|---|---|
| Pagkakatulad | | |
| Pagkakaiba | | |

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Ano ang tema ng binasang tula?
2. Ano ang damdamin at tono na nakapaloob sa tulang binasa? Magbigay ng patunay.
3. Paano ipinadama ng may-akda ang kanyang pagdadalamhati sa tula?
4. Paano inilarawan ng may-akda ang alaalang iniwan ng kanyang kapatid?
5. Paano mo ipadarama ang pagmamahal mo sa isang tao o miyembro ng pamilya?
6. Kung ikaw ang nasa kalagayan ng may-akda, ano ang gagawin mo kung sakaling mawalan ka ng mahal sa buhay?
7. Paano naiiba ang elehiya sa iba pang uri ng tula?



Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

4. **Pagpapalawig**

Itanong:

Naranasan mo na bang mawalan o iwan ka ng mahal sa buhay? Gaano ito kasakit para sa iyo?

Ipatala sa loob ng kahon ang mga hakbang na ginawa ng mga mag-aaral upang maibsan ang pagdadalamhati sa pagkawala ng kanilang mahal sa buhay.

| |
|---|
| |

5. **Sintesis**

Ipagawa sa mag-aaral ang sumusunod:

Punan ang pahayag ng angkop na salita upang mabuo ang diwa ng talata.

Natutuhan ko na ______________________________.

Isang tanong ang nais kong masagot ay ______________________.

Ibig ko pang maunawaan ang ____________________________.

C. **Kongklusyon**

Magpasulat sa mga mag-aaral ng isang elehiya para sa isang miyembro ng pamilya na yumao na. Palagyan ng tsek ang marka na sa tingin nila ay angkop. Ang 5 ang pinakamataas at 1 ang pinakamababa.

**Pamantayan sa Pagsulat ng Elehiya**

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| **Paksa**<br>Nasusunod ang tuntunin sa pagsulat ng elehiya | | | | | |
| **Nilalaman**<br>Angkop ang nilalaman ng tula sa paksa | | | | | |
| **Elemento ng Tula**<br>Kakikitaan ng mga elemento ng isang tula | | | | | |

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Estruktura**<br>Nasusunod ang mga bilang ng pantig at taludtod ng elehiya<br>Nakagagamit ng matataling-hagang pahayag sa pagsulat ng tula | | | | | |
| **Gamit ng wika**<br>Wasto at angkop ang baybay at gamit ng salita, balarila, at bantas | | | | | |



Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**